

## Aralin 4 – Kwentohan sa Tindahan

Isa sa mga hilig ng Pinoy ay ang makipagkwentohan sa tindahan. Sa pakikipagkwentohan marami tayong nasasagap na impormasyon, balita at iba't ibang prinsipyo at paniniwala ng mga tao. Ang madalas na mapag-usapan ng mga kalalakihan sa tindahan ay mga usapin na may kaugnayan sa bayan. Kadalasan ay mga usaping politikal. At sa mga ganitong usapin malimit na mayroong mga politikong napipintasan, pinupuna, sinisisi at kinamumuhian. Kapag umabot sa ganito ang usapan, ako ay agad na nakokonsensiya. Marahil sa kadahilanang di ko maiwasan ang magalit, magngitngit sa mga taong nang-aabuso sa kanilang kapangyarihan. Dahil dito nawawala ang aking galang at pag-ibig sa ilan sa mga lider na niluklok ng Panginoon sa kanilang pwesto. Sinabi sa Biblia, “... walang kapangyarihang hindi mula sa Diyos... ang lumalaban sa may kapangyarihan ay sumasalungat sa itinatag ng Diyos” (Mga Taga-Roma 13:1b-2a FSV).

Tayo ay inutusan ng Panginoon na umibig nang walang kondisyon, tulad ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Ito ay kanyang ipinakita nang ipagkaloob niya ang buhay ng kanyang bugtong na Anak upang manumbalik ang nasirang relasyon natin sa Kanya dahil sa kasalanan. Ang ganitong pag-ibig ay nakasalalay sa umiibig at hindi sa karakter ng iniibig. Tayo ay di karapatdapat ibigin dahil sa ating kasalanan ngunit tayo’y patuloy na iniibig ng Diyos. Walang ano mang dahilan upang tayo ay maging karapatdapat ibigin ngunit tayo ay pinili ng Diyos na maging puntirya ng Kanyang pagmamahal.

Sinabi sa Biblia, “Maging mabait at mahabagin kayo sa isa’t isa. Magpatawad kayo sa isa’t isa, kung paanong kay Cristo ay pinatawad kayo ng Diyos” (Mga Taga-Efeso 4:32 FSV). Ito ay mahirap gawin, lalong lalo na sa ilang mga mapagsamantalang politiko. Kung kaya’t di sa pamamagitan natin kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu natin sila maiibig (Mga Taga-Galacia 5:22).

Kung kaya’t sa halip na mamuhi, ipanalangin natin ang ating pinuno. Kahabagan at patawarin sila kung sila ay nagkakamali. Bantayan ang kilos ng mga lider na di gumagawa ng matuwid at makipagtulungan sa Ombudsman upang ito ay matigil. Higit sa lahat, sila ay galangin, ibigin at patuloy na ipanalangin.

Sa susunod na kwentohan sa tindahan, maari nating ikwento ang mga magagandang proyekto ng ating gobyerno. Pansinin ang ka-aya-ayang ginagawa ng mga namumuno sa atin. Sa pamamagitan nito, tayo ay makatutulong na ibigin at galangin ng ating mga kaibigan ang mga taong binigyan ng Diyos ng kapangyarihan na pamunuuan tayo.

### Pagbulay-bulayan at Gawin

1. Pag-aralan ang pag-ibig na itinuturo ng Biblia sa pamamagitan ng pagbubulaybulay ng Kanyang Salita sa 1 Mga Taga-Corinto 13.
2. Ipanalangin ang inyong Kapitan de Barangay, ang inyong Meyor, kanyang Bise at Konsehal, ganoon din ang inyong Representante. Ipanalangin din ang ating mga Senador, Hukom at lalong lalo na ang ating Pangulo.
3. Ipanalangin ang sarili na matutong umibig nang walang kondisyon.